



Goal, Role, Audience, Situation, Product, Standard (GRASPS) and It's Implication to the Writing Skills in Filipino of Grade 10 Students

Charlie D. Faja¹, Anesa P. Mangindra²

¹Department of Education, Esperanza National High School
Koronadal City, Philippines
ajacharlie@gmail.com

²Graduate School, Sultan Kudarat State University, Philippines
apmangindra@gmail.com

Abstract: *In the rapidly evolving field of education, the innovative and effective use of assessment strategies is crucial for enhancing students' skills. This study aimed to determine the effectiveness of the Goal, Role, Audience, Situation, Product, Standard (GRASPS) framework as an authentic assessment strategy for improving the writing skills in Filipino of Grade 10 students at Esperanza National High School for the academic year 2024–2025. Using an experimental design, the study employed descriptive statistics, t-tests, and a five-point rating scale to analyze the data. The experimental group was assessed using the GRASPS framework for their written performance tasks, while the control group used traditional assessment methods. Writing performance was evaluated based on accuracy, logical organization, understanding of the topic, language style, and ability to persuade readers. Results showed that while both groups made significant progress, the experimental group exhibited a higher mean gain score in writing skills. This suggests that the choice of assessment strategy significantly influences student outcomes. Overall, the study concludes that GRASPS is an effective assessment strategy that positively impacts students' writing proficiency. The findings may serve as a basis for encouraging teachers to develop assessment tools that foster meaningful and performance-based learning experiences in writing.*

Keywords: *ability to persuade, accuracy, assessment, GRASPS, language style, logical organization, writing skills*

PANIMULA

Patuloy na isinusulong ng sektor ng edukasyon sa buong mundo ang paggamit ng awtentikong pagtataya tulad ng *Goal, Role, Audience, Situation, Product, Standard* (GRASPS) upang matugunan ang mga pangangailangan ng makabagong panahon. Sa harap ng globalisasyon, kailangang iakma ang mga sistema ng pagtataya upang maging mas epektibo (Levy-Feldman & Libman, 2022). Ipinakikita ng mga pag-aaral na ang tradisyonal na pagsusulit ay hindi sapat sa pagsukat ng aktuwal na kakayahan ng mga mag-aaral (Villaroel et al., 2019). Bagama't may pagsisikap na isama ang awtentikong pagtataya sa kurikulum, natuklasan sa Indonesia na marami pa ring mga guro ang nahihirapan sa pagpapatupad nito dahil sa kakulangan ng kaalaman at mapagkukunan (Inayah et al., 2019; Saputri et al., 2019).

Sa kabila ng mga repormang ipinatutupad ng Kagawaran ng Edukasyon sa Pilipinas—gaya ng pagsasagawa ng seminar-workshop para sa mga guro hinggil sa pedagohiya at makabagong pagtataya gamit ang GRASPS—patuloy na nananatiling mababa ang akademikong pagganap ng mga mag-aaral. Batay sa datos ng *Business World Online* (2019), bumaba ang *Mean Percentage Score* (MPS) sa *National Achievement Test* mula 44.70% noong 2015–2016 tungong 40% noong 2016–2017.

Bilang tugon sa hamon ng pagpapahusay ng kalidad ng edukasyon, isinulong ng Dibisyon ng Lungsod ng Koronadal ang implementasyon ng *Most Essential Learning Competencies* (MELC). Gayunpaman, binigyang-diin nina Gabriel et al. (2022) na hindi dapat maging hadlang sa makabagong modalidad ng pagkatuto ang *learning support* ng kagawaran. Sa kabila ng *completion rate* na 88.10% at *group survival rate* na 80.95% ng *Esperanza National High School*, nananatiling may pangangailangang pataasin pa ang mga ito, lalo na kung isasaalang-alang ang mga repormang ipinatutupad sa larangan ng edukasyon tulad ng modipikasyon ng kurikulum at paggamit ng GRASPS bilang estratehiya sa pagtataya.

Bagaman, may isinagawa nang pag-aaral kaugnay sa kabisaan ng GRASPS sa pagpapahusay ng kasanayan sa pagsulat ng tekstong nanghihikayat, paggamit nito bilang awtentikong pagtataya, modipikasyon nito gaya ng *Setting, Aim, Role, Observer, Product, Action, Standard* (SAROPAS) para sa pagdisenyo ng kurikulum at pagtataya sa gawaing pagganap (Nurtjahyo et al., 2019; Ervin, 2014; Lu & Teng, 2022; Iter, 2017). Gayunpaman, wala pang pananaliksik na tahasang sumusukat sa antas ng kasanayan sa pagsulat gamit ang integratibong GRASPS batay sa katumpakan, organisasyon, pag-unawa sa paksa, estilo ng wika, at kakayahang manghikayat sa mambabasa. Kung kaya, sa pag-aaral na ito, nais patunayan ng mananaliksik ang kabisaan ng GRASPS sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral kaugnay sa mga tekstong dagli, kuwentong-bayan, sanaysay at nobela, at magkaroon ng mahalagang impak sa pagganap ng mga mag-aaral sa Filipino 10. Higit sa lahat, upang magamit sa aktuwal na konteksto sa larangan ng edukasyon.

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na masukat ang kabisaan ng GRASPS sa antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral. Ispesipikong nilalayon din ng pag-aaral na masagot ang sumusunod na katanungan:

1. Ano ang antas ng integrasyon ng modelong GRASPS sa pagtataya kaugnay sa gawaing pagganap na pasulat ng mga mag-aaral batay sa:
 - 1.1 kahandaan ng mga mag-aaral;
 - 1.2 pakikilahok ng bawat mag-aaral;
 - 1.3 kalinawan ng rubriks;
 - 1.4 inilaang oras; at
 - 1.5 patnubay ng guro?
2. Ano ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral mula sa eksperimental at kontroladong pangkat batay sa resulta ng:
 - 2.1 paunang pagsusulit na pasulat; at
 - 2.2 panghuling pagsusulit na pasulat?
3. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang antas ng pagganap ng mga mag-aaral sa pauna at panghuling pagsusulit na pasulat mula sa:
 - 3.1 pangkat eksperimental; at
 - 3.2 pangkat kontrolado?
4. Ano ang *mean gain score* ng mga mag-aaral sa eksperimental at kontroladong pangkat?
5. Mayroon bang makabuluhang pagkakaiba ang *mean gain score* ng mga mag-aaral sa pangkat eksperimental at kontrolado?

METODOLOHIYA

2.1 Disenyo

Pamamaraang eksperimental ang disenyong ginamit sa pag-aaral na ito. Gumamit ang mananaliksik ng pauna at panghuling pagsusulit na pasulat sa Filipino 10 sa mga paksang dagli, kuwentong bayan, sanaysay at nobela. Ang disenyong ito ay isang mahalagang pamamaraan sa pag-aaral na nagbibigay-daan sa mananaliksik na makabuo ng mga konklusyon ukol sa sanhi at epekto sa pamamagitan ng kontroladong mga eksperimento (Białowas et al., 2021). Samakatuwid, ginamit ang disenyong ito sa pag-aaral sa pamamagitan ng integrasyon ng GRASPS sa pagtataya ng gawaing pagganap na pasulat sa eksperimental na pangkat at nakagawiang estratehiya naman ang inilapat sa pagsasagawa ng gawaing pagganap na pasulat para sa kontroladong pangkat.

2.2 Respondente

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa ikalawang markahan ng taong panuruan 2024–2025 at nilahukan ng 52 mag-aaral sa Baitang 10 ng Esperanza National High School sa Dibisyon ng Lungsod ng Koronadal. Binubuo ito ng 25 mag-aaral sa eksperimental na pangkat at 27 sa kontroladong pangkat kung saan ang paraan ng pagpapangkat-pangkat ay *heterogenous*.

2.3 Instrumento

Sa pagwawasto ng mga awtput ng mga respondente, ang mananaliksik ay gumamit ng rubrik na may kabuoang panukat na dalawampung puntos (25) at nahahati sa sumusunod

na pamantayan: katumpakan, lohikal na organisasyon, pang-unawa sa paksa, estilo ng wikang ginamit, at hikayat sa mambabasa. Ang rubrik na binuo ay ipinasuri at ipinabalido sa pitong (7) ekspertong guro ng asignaturang Filipino. Ang awtput ng mga respondente ay iniwasto ng mananaliksik kasama ang dalawa (2) pang guro sa Filipino ng Esperanza National High School gamit ang balidong rubrik. Sa pagsusuri at pagbabalido ng rubrik, ginamit ang *5-Point Likert Scale* na talatanungan ni Likert (1932).

Pagkatapos maisagawa at makuha ang resulta ng paunang pagsusulit na pasulat, ang mananaliksik ay naghanda ng walong (8) banghay-aralin sa mga paksang dagli, kuwentong bayan, sanaysay, at nobela na saklaw ng ikalawang markahan ng Filipino 10. Ang ginamit na banghay-aralin ay may integrasyon ng GRASPS sa pagtataya ng gawaing pagganap na pasulat at ito ay ipinabalido sa limang (5) dalubhasang guro sa Filipino gamit ang *5-Point Likert Scale* na talatanungan ni Likert (1932).

Sa pag-alam ng antas ng integrasyon ng GRASPS sa pagtataya kaugnay sa gawaing pagganap na pasulat ng mga mag-aaral, ginamit ang binuong kasangguni o *observation tool* upang sukatin ang kahandaan ng mga mag-aaral, pakikilahok ng bawat mag-aaral, kalinawan ng rubrik, inilaang oras, at patnubay ng guro. Ang binuong kasangguni o *observation tool* ay ipinasuri at ipinabalido sa pitong (7) ekspertong guro sa Filipino katuwang ang *5-Point Likert Scale* na talatanungan ni Likert (1932). Ang balidong kasangguni o *observation tool* ay ipinasagot sa *Master Teacher II* at ng Punongguro ng Esperanza National High School. Sa pag-alam sa pagsusuri at magiging resulta ng antas ng kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral, ginamit ng mananaliksik ang pamantayan sa Indikaytor at Interpretasyon ng mga Datos sa Iskor na halaw sa pag-aaral ni Valdez (2015).

RESULTA

Makikita sa Talahanayan 1 na ang kalinawan ng rubrik ang nakakuha ng pinakamataas na *mean* na 5.00 (SD=0.42), sinundan naman ito ng patnubay ng guro na may *mean* na 4.81 (SD=0.34) at pakikilahok ng mga mag-aaral na may *mean* na 4.63 (SD=0.44) na pare-parehong nakakuha ng deskriptibong antas na lubusang tinatanggap. Samantala,

Talahanayan 1. Antas ng Integrasyon ng GRASPS sa Pagtataya ng Gawaing Pagganap na Pasulat

Pamantayan	SD	Mean	Deskriptibong Antas
1. Kahandaan ng mga mag-aaral	0.46	4.38	Tinatanggap
2. Pakikilahok ng mga mag-aaral	0.44	4.63	Lubusang Tinatanggap
3. Kalinawan ng rubrik	0.42	5.00	Lubusang Tinatanggap
4. Inilaang oras	0.43	4.25	Tinatanggap
5. Patnubay ng guro	0.34	4.81	Lubusang Tinatanggap
Kabuoan	0.24	4.61	Lubusang Tinatanggap

parehong may deskriptibong antas na tinatanggap ang kahandaan ng mga mag-aaral na may *mean* na 4.38 (SD=0.46) at inilaang oras na may pinakamababang *mean* naman na 4.25 (0.43). Sa pangkalahatan, ang antas ng integrasyon ng GRASPS sa pagtataya sa pagganap na

pasulat sa Filipino ay nakakuha ng deskriptibong antas na lubusang tinanggap na may kabuoang *mean* na 4.61 (SD=0.24).

Matutunghayan sa Talahanayan 2 na ang paunang pagsusulit na pasulat ng pangkat eksperimental ay nakakuha ng *mean* na 38.91 (SD=5.25) na may deskriptibong antas na may kaunting kaalaman lamang ang mga mag-aaral sa mga paksa ng pagsusulit habang ang pangkat kontrolado naman ay nakakuha ng *mean* na 37.16 (SD=6.84) na may parehong

Talahanayan 2. Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Mula sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat Batay sa Resulta ng Pauna at Panghuling Pagsusulit na Pasulat

Pagsusulit	Pangkat	<i>n</i>	SD	Mean	Deskriptibong Antas
Pauna	Eksperimental	25	5.25	38.91	May kaunting kaalaman
	Kontrolado	27	6.84	37.16	May kaunting kaalaman
Panghuli	Eksperimental	25	5.40	87.28	May mataas na kaalaman
	Kontrolado	27	5.90	64.86	May sapat na kaalaman

deskriptibong antas na may kaunting kaalaman. Samantala, ang panghuling pagsusulit na pasulat ng pangkat eksperimental ay may deskriptibong antas na may mataas na kaalaman sa pagsusulit na nakapagtala ng *mean* na 87.28 (SD=5.40), at ang pangkat kontrolado ay nakakuha naman ng *mean* na 64.86 (SD=5.90) na may deskriptibong antas na may sapat na kaalaman sa mga paksa ng pagsusulit.

Mapagtanto sa Talahanayan 3 na mas mataas ang *t-computed value* (65.64) kaysa sa *t-tabular value* (2.06) ng pangkat eksperimental na kung saan hindi tinatanggap ang *null hypothesis* na nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pauna at panghuling pagsusulit na pasulat. Mas mataas din ang *t-computed value* (12.49)

Talahanayan 3. Makabuluhang Pagkakaiba sa Antas ng Pagganap ng mga Mag-aaral Batay sa Pauna at Panghuling Pagsusulit na Pasulat sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat

Pangkat	Pagsusulit	SD	Mean	t-computed	t-tabular	p-value	Interpretasyon
Eksperi- mental	Pauna	5.25	38.91	65.64	2.06	0.001	Makabuluhan
	Panghuli	5.40	87.28				
Kontrola- do	Pauna	6.84	37.16	29.07	2.06	0.001	Makabuluhan
	Panghuli	5.90	64.86				

$\alpha=0.05$ antas ng kahalagahan

kaysa sa *t-tabular value* (2.06) ng pangkat kontrolado na kung saan hindi tinatanggap ang *null hypothesis* na nagpapahiwatig lamang na may makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng resulta ng pauna at panghuling pagsusulit na pasulat ng grupo.

Mababakas sa Talahanayan 4 na nakapagtala ang eksperimental na pangkat ng *mean difference o gain score* na 48.37 (SD=3.68). Samantala, nakapako naman sa 27.70 (SD=4.95)

Talahanayan 4. *Mean Gain Score* ng mga Mag-aaral mula sa Eksperimental at Kontroladong Pangkat

Pangkat	SD	Mean Diff
Eksperimental	3.68	48.37
Kontrolado	4.95	27.70

ang *mean difference* o *gain* ng kontroladong pangkat.

Ipinamamalas sa Talahanayan 5 na may makabuluhang pagkakaiba sa mga *mean gain score* ng eksperimental at kontroladong pangkat. Natuklasan na ang *mean* ng eksperimental na pangkat ($M=48.37$, $SD=3.68$) ay may higit na kataasan kumpara sa kontroladong pangkat

Talahanayan 5. Makabuluhang Pagkakaiba sa *Mean Gain Score* ng mga Mag-aaral sa Eksperimental na Pangkat at Kontroladong Pangkat

Pangkat	SD	Mean	t-computed	t-tabular	p-value	Interpretasyon
Eksperimental	3.68	48.37	16.98	2.01	0.001	Makabuluhan
Kontrolado	4.95	27.70				

$\alpha=0.05$ antas ng kahalagahan

($M=27.70$, $SD=4.95$). Ang pagkakaibang ito ay sinusuportahan ng *t-computed value* na 16.98, na higit na mataas sa *t-tabular value* na 2.01 sa antas ng kahalagahan ($p=0.001$).

INTERPRETASYON

Batay sa resulta ng pananaliksik, nakakuha ng mataas na *mean* na 4.61 ang antas ng integrasyon ng GRASPS na nagpapahiwatig na ito ay lubusang tinanggap at epektibong gamitin sa pagtataya ng gawaing pagganap na pasulat. Ang kinalabasan ng resulta ay suportado ng pag-aaral nina Dewi et al. (2024) na sa pamamagitan ng awtentikong pagtatayang nakabatay sa pagganap, hinahamon ang mga mag-aaral na ipakita ang kanilang kaalaman at kasanayan sa mga makatotohanang gawain. Bagamat positibo ang resulta ng integrasyon ng GRASPS, may mga limitasyong kaakibat din ang paglalapat nito na maaaring magdulot ng pagkalito sa kung ano ang inaasahang resulta, at magpababa sa bisa nito bilang isang awtentikong pamamaraan ng pagtataya (Khalifa et al., 2019).

Sa paunang pagsusulit, ang eksperimental na pangkat ay may *mean* na 38.91 at ang kontroladong pangkat ay may *mean* na 37.16 na parehong may deskriptibong antas na may kaunting kaalaman. Sa panghuling pagsusulit, ang eksperimental na pangkat ay nakakuha ng *mean* na 87.28 na may deskriptibong antas na mataas na kaalaman, habang ang kontroladong pangkat ay may *mean* na 48.41 na may antas na may sapat na kaalaman. Tumutugma ito sa pag-aaral nina Buck at Wage (2018) na ang paggamit ng *pre-test* at *posttest* na pagsusulit ay mahalagang kasangkapan upang masukat ang pag-unawa at kasanayan, kung saan ipinakikita ng mga resulta na mas mataas ang pagkatuto sa mga aktibong paraan kumpara sa mga tradisyonal o nakagawiang paraan. Dagdag pa, nagkaroon ng pagtaas ng interes, kamalayan, at motibasyon sa pagsulat bunga ng pagtatayang pampagganap. Bukod dito, ang pagtaas sa

mean score ng *posttest* ay nagpapahiwatig na bumuti ang antas ng pagganap matapos ang pagsusulit (Suastra & Menggo, 2020).

Sa pagsusuri gamit ang *t-test*, nagpakita na ang *t-computed value* ng eksperimental na pangkat ay 65.64 na mas mataas kaysa sa *t-tabular value* na 2.06 na nangangahulugang may makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat gamit ang integratibong GRASPS. Gayundin, ang kontroladong pangkat ay may *t-computed value* na 29.07 na mas mataas din kaysa sa *t-tabular value* na 2.06 na nagpapahiwatig na may pag-unlad din sa kasanayan sa pagsulat gamit ang nakagawiang estratehiya. Kahalintulad ito sa resulta ng pag-aaral nina Srou et al. (2021) at Andini et al. (2020), mas mataas ang *t-computed value* kaysa sa *t-tabular value* sa parehong pangkat eksperimental at kontrolado na nagpapatunay na may makabuluhang pagkakaiba sa resulta ng pagsusulit na pasulat. Sinusuportahan din ng pananaliksik ni Lictaoa (2022) na may malinaw na ugnayan ang pauna at panghuling pagsusulit, kung saan mas epektibo ang instruksiyunal na kagamitan sa pagpapahusay ng kasanayan.

Gayunpaman, may makabuluhang pagtaas ang *mean gain score* ng eksperimental na pangkat (48.37) kaysa sa kontroladong pangkat (27.70) na nagpapakita na ang integratibong paggamit ng GRASPS ay mas epektibo sa pagpapataas ng antas ng kasanayan sa pagsulat sa Filipino 10. Kahalintulad ang resultang ito sa isiniwalat nina Cole at Feng (2015) mula sa kanilang isinagawang pag-aaral, nagkaroon ng higit na kasanayan sa pagsulat ang eksperimental na pangkat batay sa resulta ng *mean gain score* matapos isagawa ng mga mananaliksik ang pagtuturo ng bokabularyo bago ang aktuwal na pagsulat, at pagpapatupad ng iba't ibang kasanayan sa literasi na sumasalamin sa mga kultural na pinagmulan at karanasan.

Batay sa mga resulta ng datos, bawat pangkat ay nakapagtala ng mga pag-angat sa iskor batay sa *mean* subalit may malayong agwat ang *gain score* na nakuha ng eksperimental na pangkat kaysa sa kontroladong pangkat. Ang malaking agwat sa pagitan ng dalawang pangkat ay implikasyon na ang integratibong GRASPS na ginamit sa pagtataya ng gawaing pagganap na pasulat sa eksperimental na pangkat ay higit na epektibo sa pagpapabuti ng kanilang pagganap kumpara sa nakagawiang pamamaraan na ginamit sa kontroladong pangkat. Napatunayan sa maraming pag-aaral na epektibong nagpapataas ng interes at nagpapalalim ng kritikal na pag-iisip sa pagsulat ang awtentikong pagtataya, dahil hinuhubog nito ang kasanayan sa pagsulat batay sa makatotohanang sitwasyon (Moria et al., 2018; Hitimala & Wirza, 2024). Gayunpaman, may kaakibat itong hamon, tulad ng kakulangan sa oras, mapagkukunan, at antas ng kaalaman sa wika na maaaring makahadlang sa mas epektibong paggamit ng mga integratibong pagtataya tulad ng GRASPS (Natalia, 2018).

KONKLUSYON

Sa antas ng integrasyon ng GRASPS sa pagtataya kaugnay sa gawaing pagganap na pasulat, ang bawat pamantayan ay nagpapahiwatig ng matibay na pagtanggap at nagpapakita ng mabisang awtentikong pamamaraan ng ebalwasyon. Ang mga resultang ito ay naglalalatag

ng malawak na batayan na ang GRASPS ay mainam na gamiting kagamitang pampagtataya upang mapahusay ang kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral.

Hindi pa sapat ang kaalaman o kasanayan sa pagsulat ng mga mag-aaral bago ang aktuwal na pagtuturo na nilapatan ng GRASPS sa eksperimental na pangkat at nakagawiang pamamaraan naman sa pangkat kontrolado batay sa naging resulta ng paunang pagsusulit na pasulat. Sa panghuling pagsusulit na pasulat, higit na tumaas ang naging resulta sa eksperimental na pangkat na may deskriptibong antas na may mataas na kaalaman samantalang ang kontroladong pangkat ay nagkaroon ng pagtaas na may deskriptibong antas na may sapat kaalaman. Samakatuwid, malaki ang ginampanang papel ng mga estratehiyang pampagtataya na inilapat ng guro sa pagpapaunlad ng pagkatuto sa larangan ng pagsulat sa dalawang pangkat.

Batay sa mga resulta, parehong nakaranas ng makabuluhang pag-unlad sa kasanayan sa pagsulat ang dalawang pangkat, subalit mas mataas ang pag-angat ng pangkat eksperimental. Implikasyon ito na ang paggamit ng GRASPS bilang kagamitang pampagtataya ay mas epektibo kaysa sa nakagawiang estratehiya.

Dagdag pa, ang epektibong pakikilahok ng mag-aaral sa proseso ng pagtataya ay nagbubunga nang mas mataas na antas ng pagkatuto. Pinatitibay din ng naging resulta ng pananaliksik na tumataas ang motibasyong intrinsik at pagkatuto ng mga mag-aaral kapag may malinaw na layunin, rubrik, at estratehiya sa pagtataya.

Kung gayon, malayo ang lamang ng naging pag-unlad sa akademikong pagganap ng mga mag-aaral sa eksperimental na pangkat gamit ang GRASPS bilang awtentikong pampagtataya sa larangan ng pagsulat na nagpapahiwatig ng kabisaan nito.

SANGGUNIAN

- [1] Andini, R., Mulyana, E., & Arjulayana, A. (2020). Group investigation technique on Indonesian high school students' writing skill, 9. <https://doi.org/10.31000/GLOBISH.V9I1.2333>.
- [2] Białowas, S., Reshetkova, A., & Szyszka, A. (2021). Experimental design. *Experimental design and biometric research. Toward innovations*. <https://doi.org/10.18559/978-83-8211-079-1/i1>.
- [3] Buck, J., & Wage, K. (2018). Measuring students' learning gains with pre/post assessment. *The Journal of the Acoustical Society of America*. <https://doi.org/10.1121/1.5067885>.
- [4] Cole, J., & Feng, J. (2015). Effective strategies for improving writing skills of elementary English language learners. *Chinese American Educational Research and Development Association Annual Conference*, Chicago, IL. <https://eric.ed.gov/?id=ED556123>
- [5] Dewi, A., Mohamed, S., Rahman, K. A., & Cardoso, L. M. O. de B. (2024). The impact of performance-based assessment on academic writing instruction. *Inspiring English Education Journal*, 7(1), 186-200. <https://doi.org/10.35905/inspiring.v7i1.9030>

- [6] Ervin, J. (2014). Performance-based, authentic assessment using the GRASPS model. *Journal of Agricultural Education*, 55(4), 77-88.
- [7] Gabriel, B. C., Nepomuceno, J. D., Kadusale, M. H., Taneo, J. D., & Cabello, C. A. (2022). The compromised most essential learning competencies: a qualitative inquiry. *Zenodo (CERN European Organization for Nuclear Research)*. <https://doi.org/10.5281/zenodo.7162134>
- [8] Hitimala, H., & Wirza, Y. (2024). Authentic assessment in examining EFL students' writing. *ETERNAL (English Teaching Journal)*. <https://doi.org/10.26877/eternal.v15i1.349>.
- [9] Inayah, N., Komariah, E., & Nasir, A. (2019). The practice of authentic assessment in an EFL speaking classroom. *Studies in English Language and Education*. <https://doi.org/10.24815/SIELE.V6i1.13069>.
- [10] Iter, N. (2017). Using performance task-GRASPS to assess student performance in higher education courses. *American Journal of Educational Research*, 5(5), 552-558. <https://doi.org/10.12691/education-5-5-12>
- [11] Khalifa, M., Magrabi, F., & Gallego, B. (2019). Developing a framework for evidence-based grading and assessment of predictive tools for clinical decision support. *BMC Medical Informatics and Decision Making*, 19. <https://doi.org/10.1186/s12911-019-0940-7>.
- [12] Levy-Feldman, I., & Libman, Z. (2022). One size doesn't fit all educational assessment in a multicultural and intercultural world. *Intercultural Education*, 33, 380 - 390. <https://doi.org/10.1080/14675986.2022.2090174>.
- [13] Lictaoa, R.C. (2022). Debelopment, balidasyon at pagtanggap sa estratehiyang interbensiyong materyal (EsInMa) sa pagkatuto ng mga mag-aral para sa bagong normal. *International Journal of Filipino Education*, 1(1), 20-35. <http://journals.academiczone.net/index.php/ijfe/ar>
- [14] Lu, Y., & Teng, Y. (2022). The modification and application of SAROPAS in curriculum design and assessment. *Journal of Applied Research in Education*, 26(1), 89-97
- [15] Moria, E., Refnaldi, R., & Zaim, M. (2018). Using authentic assessment to better facilitate teaching and learning: the case for students' writing assessment. <https://doi.org/10.2991/ICLA-17.2018.57>.
- [16] Natalia, D. (2018). Authentic assessment of writing in the english teaching-learning processes (A Case Study on 11th Grade Students of SMA Negeri 3 Boyolali in the Academic Year of 2017/2018).
- [17] Nurtjahyo, S.N., Drajadi, N.A. & Sumardi, S. (2019). G.R.A.S.P.S strategy: Decreasing persuasive text. *International Journal of Language Teaching and Education*, 3(2), 158-172. <https://doi.org/10.22437/ijolte.v3i2.7391>
- [18] Saputri, I., Nurkamto, J., & Wahyuni, D. (2019). The implementation of authentic assessment in English language teaching. *English Education*. <https://doi.org/10.20961/eed.v6i3.35881>.
- [19] Srour, K., Aqel, M., & Shawish, J. (2021). Enhancing EFL secondary school students' writing skills through a suggested model based on constructivism. *Education in the Knowledge Society*, 22. <https://doi.org/10.14201/EKS.23937>.



- [20] Suastra, I. M., & Menggo, S. (2020). Empowering students' writing skill through performance assessment. *International Journal of Language Education*, 4(3), 432-441. <https://eric.ed.gov/?id=EJ1286109>.
- [21] Valdez, J. E. (2015). Problem-based learning approach enhances the problem-solving skills in Chemistry of high school students. *Journal of Education and Practice*, 6(12), 181-186
- [22] Villarroel, V., Boud, D., Bloxham, S., Bruna, D., & Bruna, C. (2019). Using principles of authentic assessment to redesign written examinations and tests. *Innovations in Education and Teaching International*, 57, 38 - 49. <https://doi.org/10.1080/14703297.2018.1564882>.